



Social Security

Ano ang Dapat Ninyo Malaman
Kapag Kayo ay Benepisyo Sa
Pagre-retiro At Sa Mga Nabalo

2013

www.socialsecurity.gov

Pakipag-ugnay sa Social Security

Bisitahin ang aming website

- Ang aming website, www.socialsecurity.gov, ay isang mahalagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa lahat ng programa ng Social Security. Sa aming website, maaari rin kayong:
 - Mag-aplay para sa iilang uri ng mga benepisyo
 - Magrepasso nginyong *Social Security Statement*;
 - Makakuha ng address ng inyong lokal na tanggapan ng Social Security;
 - Magpalit ng address
 - Mag-aplay para isang password upang inyong ma-tsek ang mga benepisyo o mapalitan ang inyong direktang deposito;
 - Humiling ng kapalit na Medicare kard;
 - Humiling ng liham upang matiyak ang halaga ng inyong benepisyo; at
 - Makahanap ng kopya ng aming mga publikasyon.
- Ang ilan sa mga sebisyonang ito ay makukuha sa Ingles.

Tawagan ang aming libreng numero ng telepono

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari kayong tumawag sa amin nang libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sapamamagitan ng awtomatikong serbisyonang telepono 24-oras saisang araw. (Maaari ninyong gamitin angaming automated na sistema ng pagsagot upang sabihin ang inyong bagong address or humiling ng kapalit na Medicare kard) Kung kayo ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kayong tumawag sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**.

Nais din naming masigurong makatatanggap kayo ng wasto at magalang na serbisyo. Kung kaya mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmomonitor ng ilang mga tawag sa telepono.

Ano ang nasa loob

Panimula	4
Tungkol sa inyong mga benepisyo	4
Mga serbisyong pinagkakaloob namin	6
Ano ang kailangan ninyong iulat sa amin	7
Pagtatrabaho at pagtanggap ng Social Security nang sabay	14
Iba pang mahalagang impormasyon	18
Tungkol sa Medicare	22

Panimula

Ipinapaliwanag ng booklet itona ito ang ilan sa inyong mga karapatan at pananagutan kung tumatanggap kayo ng retirement o survivors benefits.

Iminumungkahi namin na maglaan kayo ngayon ng panahon upang basahin ang booklet na ito; pagkatapos ay ilagay ito sa isang ligtas na lugar upang magingnan ninyo ito sa hinaharap na panahon.

Kung tumatanggap rin kayo ng mga kabayaran sa Supplemental Security Income (SSI), humingi ng *What You Need To Know When You Get Supplemental Security Income (SSI)* (Ano Ang Dapat Ninyong Malaman Kapag Kayo Ay Tumatanggap ng Supplemental Security Income (SSI), Publikasyon Blg. 05-11011)

Tungkol sa inyong mga benepisyo

Kailan at paano binabayaran ang inyong mga benepisyo

Ang mga benepisyo sa Social Security ay binabayaran bawat buwan na kasunod ng buwan kung kailan sila dapat bayaran; halimbawa, matatanggap ninyo sa Agosto ang inyong benepisyo para sa Hulyo. Pangkaraniwan, ang araw ng buwan kung kailan ninyo matatanggap ang bayad ng inyong benepisyo ay depende sa petsa ng kapanganakan ng taong may-ari ng talaan ng kinikita ng tinatanggap ninyong mga benepisyo. Halimbawa, kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo bilang isang retiradong empleyado, ang inyong benepisyo ay depende sa inyong petsa ng kapanganakan. Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa trabaho ng inyong asawa, ang petsa ng bayad ng inyong benepisyo ay depende sa petsa ng kapanganakan ng inyong asawa.

Petsa ng Kapanganakan	Binabayaran ang benepisyo bawat buwan sa
Ika-1-10	Pangalawang Miyerkules
Ika-11-20	Pangatlong Miyerkules
Ika-21-31	Pang-apat na Miyerkules

Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyong Social Security at SSI, ang bayad ng inyong Social Security ay darating sa ikatlo ng buwan at ang bayad ng inyong SSI ay darating sa unang araw ng buwan.

Elektronikong pagbabayad

Dapat nagpatala kayo noong kayo ay nag-aplay para sa mga benepisyo ng Social Security, upang makatanggap ng pagbabayad sa pamamagitan ng elektronikong.

Ang direktang deposito ay isang simple, ligtas at seguradong paraan ng pagtanggap ng inyong mga benepisyo. Makipag-ugnayan sa inyong bangko upang matulungan kayong magpatala. O maaari kayong magpatala para sadirektong deposito sa pamamagitan ng pagtawag sa amin.

Isa pang opsyon ay ang programang Direct Express® card. Sa pamamagitan ng Direct Express®, ang mga deposito mula sa mga bayad pederal ay direktang pinapasok sa kard account. Mabilis at madali ang pagpapatala para sakard. Tumawag ng libre sa Treasury Electronic Payment Solution Contact Center sa **1-800-333-1795**. O magpatala online sa ***www.GoDirect.org***. Maaari rin kayong tulungan magpatala ng Social Security.

Ang pangatlong opsyon ay ang Electronic Transfer Account. Ang mababang-gastos na nakasegurong pederal na account na ito ay hinahayaan kayong matamasa ang kaligtasan, katiyakan, at kaginhawaan ng mga awtomatikong pagbabayad. Maaari kayong tumawag sa amin o bumisita sa website sa ***www.eta-find.gov*** upang kumuha ng impormasyon tungkol sa programang ito, o humanap ng bangko, o unyongmalapit sa inyo para sa pag-iimpok at pangungutang o kredito na nag-aalok ng account na ito.

Kung hindi ninyo matatanggap ang inyong elektronikong kabayaran sa takdang araw nito, tumawag kaagad sa aming libreng mumero, **1-800-772-1213**.

Kapag kayo'y nakatatanggap ng elektronikong kabayaran na alam ninyong hindi para sa inyo, ipasauli ninyo ito ng inyong institusyong pinansyal sa U. S. Treasury Department. Kapag tinanggap ninyo ang alam ninyong kabayaran na hindi para sa inyo, maaari kayong humarap sa kasong criminal.

Ang pagbayad ng buwissa inyong mga benepisyo

Mga 40 porsiyento ng lahat ng taong tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security ay kailangang magbayad ng buwissa kanilang mga benepisyo. Dapat kayong magbayad ng buwis sa inyong mga benepisyo kung nag-file kayo ng federal tax return bilang isang “indibidwal,” at ang inyong kabuuang suweldo ay higit sa \$25,000. Kung nag-file kayo ng joint return, dapat kayong magbayad ng buwiskung kayo at ang inyong asawa

ay may kabuuang suweldo na higit sa \$32,000. Kung kayo ay may asawa at nag-file kayo ng hiwalay na return, malamang na magbabayad kayo ng tax sa inyong mga benepisyo.

Upang maibawas ang mga buwis pederal, maaari kayong kumuha ng Form W-4V galing sa Internal Revenue Service sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng numero ng telepono, **1-800-829-3676** o sa pamamagitan ng pagbisita ng aming website. Pagkatapos na masulatan at malagdaan ang pormularyo, ibalik ito sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security sa pamamagitan ng koreo o personal na pagpunta.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang libreng telepono ng Internal Revenue Service, **1-800-829-3676**, upang hilingin ang Publikasyon 554, *Tax Guide for Seniors (Patnubay sa Tax Para sa mga May Edad Na)*, at Publikasyon 915, *Social Security and Equivalent Railroad Retirement Benefits (Ang Social Security at Katumbas na Railroad Retirement Benefits)*.

Mga serbisyong pinagkakaloob namin

Mga libreng serbisyo ng Social Security

Ayon sa ilang mga kompanya, maaari silang gumawa ng mga pagbabago sa pangalan o mga Social Security card nang may bayad. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay ng Social Security nang libre, kaya't huwag magbayad para sa isang bagay na libre. Tawagan kami o bisitahin muna ang aming website. Ang Social Security ay ang pinakamahusay na lugar upang makakuha ng impormasyon tungkol sa Social Security.

Mga update sa impormasyon

Sa maya't-maya ay padadalhan namin kayo ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo sa Social Security, tulad ng:

- Mga pagbabago sa presyo-ng-pamumuhay Kung ang presyo-ng-pamumuhay ay tumaas, sa Enero, ang iyong mga benepisyo ay awtomatikong tataas. Advans naming ipaalam sa inyoang bagong halaga.
- Limitasyon ng taunang kinikita Kung kayo ay mas bata kaysa ganap na edad ng pagreretiro, mayroong limitasyon sa kung magkanoang maaari ninyong kikitain at tatanggap pa rin ng lahat ng inyong mga benepisyo ng Social Security. Ang halagang ito ay karaniwang nagbabago bawat taon. Aming ipapaalam sa inyo nang maaga ang bagong halaga. Para sa

karagdagang impormasyon, kasama ang mga limitasyon sa taon 2013, tingnan sa pahina 14.

Paano namin kayo kokontakin

Karaniwan ay magpapadala kami ng sulat o paunawa sa inyo kapag nais namin kayong kontakin, pero minsan ay maaari kayong puntahan sa inyong tahanan ng isang kinatawan ng Social Security. Magpapakita ng ID ang aming kinatawan bago kayo kausapin tungkol sa inyong mga benepisyo. Kung nagdududa kayo sa isang tao na nagsasabi na siya ay galing sa Social Security, tawagan ang tanggapan ng Social Security upang tanungin kung mayroon silang ipinadalang tao upang makipagkita sa inyo. At tandaan, hindi kailanman hihingi ang mga empleyado ng Social Security ng pera sa inyo upang gumawa ng isang bagay.

Online **my** Social Security account

Madali na kayong maka-set up ng isang siguradong online **my Social Security** account. Maaari ninyong gamitin ang inyong **my Social Security** account upang madaling ma-akses ang inyong *Social Security Statement* upang tingnan ang inyong kinikita at kunin ang tantiyang halaga ng inyong benepisyo. Kung tumatanggap na kayo ng mga benepisyo sa ngayon, maaari rin kayong

- Kumuha ng liham ng beripikasyon
- Magpalit ng address at numero ng telepono; o
- Mag-umpisa o magpalit ng inyong direktang deposito

Maaari kayong lumikha ng **my Social Security** account kung kayo ay may edad 18 or mas mataas, mayroong Social Security number at balidong E-mail at U. S. na address sa koreo. Upang lumikha ng account, pumunta sa www.socialsecurity.gov/myaccount. Kinakailangan ninyong magbigay ng ilang personal na impormasyon upang patunayan ang inyong pagkakakilanlan at pagkatapos ay mamili ng username at password.

Ano ang kailangan ninyong iulat sa amin

Ang inyong pananagutan

Mahalagang sabihin sa amin sa pinakamadaling panahon tuwing magaganap ang isa sa mga pagbabagong nakalista sa seksyong ito.

PAUNAWA: Maaaring sumobra ang bayad kapag hindi naiulat ang isang pagbabago. Kung sobra ang ibinayad sa inyo, kukunin namin ang anumang mga sobrang bayad na hindi ninyo dapat natatanggap.

At kung hindi ninyo iniulat ang mga pagbabago sa tamang panahon, o sadyâ kayong gumawa ng maling pahayag, maaaring itigil ang inyong mga benepisyo. Para sa unang paglabag, ang inyong mga benepisyo ay ititigil nang anim na buwan; para sa pangalawang paglabag, 12 buwan; at para sa pangatlo, 24 buwan.

Maaari kayong tumawag, sumulat o bumisita sa amin upang magulat. Ihandâ ang inyong claim number. Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, ang inyong claim number ay kapareho ng inyong Social Security number. Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo satalaan ng trabaho ng ibang tao, ang inyong claim number ay lalabas sa anumang sulat na ipapadala namin sa inyo tungkol sa inyong mga benepisyo.

Ang impormasyon na ibibigay ninyo sa ibang ahensiya ng gobyerno ay maaaring ibigay sa Social Security ng mga ahensiyang iyon, pero dapat din ninyo iulat sa amin ang pagbabago.

Kung magbabago ang inyong tinantiyang kinikita

Kung kayo ay nagtatrabaho, karaniwan namin hinihilingnatantiyahin ninyo ang inyong kikitain para sa taon. Kung mapagtanto ninyona ang inyong kikitain ay magiging mas mataas o mas mababâ kaysa sa inyong tinantiya, ipaalam sa amin kaagad upang ma-adjust namin ang inyong mga benepisyo. Tingnan ang “Pagtatrabaho at pagtanggap ng Social Security nang sabay” sapahina 14 para sa tulong upang makagawa ng mga wastong pagtantiya.

Kapag kayo ay lilipat

Kapag binabalak ninyong lumipat ng tirahan, sabihin sa amin ang inyong bagong address at numero ng telepono oras na alam na ninyo ito. Kahit na natatanggap ninyo ang inyong mga benepisyo gamit ang direktang deposito, dapat malaman ng Social Security ang inyong tamang address upang mapadalhan namin kayo ng mga sulat at ibang mahalagang impormasyon. Ang inyong mga benepisyo ay ititigil kung hindi namin kayo makontak. Maaari ninyong baguhin ang inyong address sa aming website, sa pamamagitan ng pagbukas ng **my Social Security** account. O kaya’y tawagan ang **1-800-772-1213** at gamitin ang aming automated system.

Kung may sinumang miyembro ng pamilyana tumatanggap ng mga benepisyo ang lilipat kasama ninyo, mangyaring ibigay sa amin ang kanilang mga pangalan. Siguraduhing mag-file din kayo ng pagbago ng address sa inyong post office.

Kung babaguhin ninyo anginyong account sadirektang deposito

Kung babaguhin ninyo ang inyong mga bangko o magbubukas kayo ng isang bagong account, maaari ninyong baguhin ang inyong direktang deposito online kung mayroon kayong isang **my Social Security** account. O kaya’y maaari naming baguhin sa pamamagitan ng telepono ang impormasyon ukol sa inyong direktang deposito pagkatapos namin beripikahin ang inyong pagkakakilanlan. Ihanda ang inyong mga bago at lumang bank account number kapag tumawag kayo sa amin. Ang mga ito ay printahin sa mga personal na tseke o account statement. Inaabot ng mga 30-60 araw upang baguhin ang impormasyon na ito. Huwag isara ang inyong lumang account hangga’t hindi ninyo nasisisigurado na ang inyong mga benepisyo sa Social Security ay dinedeposito sa bagong account.

Kung ang isang tao’ydi- kayang pangasiwaan ang mga pondo

Minsan ang isang tao ay walang kakayanang pangasiwaan ang kanyang sariling pera. Kung mangyayari ito, dapat ay mayroong magbigay-alam sa amin. Maaari naming ayusin naipadala ang mga benepisyo sa isang kamag-anak, ibang tao, o organisasyon na sasang-ayon na gamitin ang pera para sa kapakanan ng taong tumatanggap ng mga benepisyo. Tinatawag namin ang taong ito na “representative payee” (kinatawang tumatanggap ng pera). Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng A Guide For Representative Payees (Patnubay para sa Mga Kinatawan na Tumatanggap ng Pera).

***PAUNAWA:** Ang mga taong mayroong “legal guardianship” (legal na tagapag-alaga) o “power of attorney” (kasulatan na legal na katawanin) para sa isang tao ay hindi awtomatikong magiging karapat-dapat na maging isang “representative payee”.*

Kung makatanggap kayo ng pensyon mula sa trabahong di- saklaw

Kung simula kayong makatanggap ng pensyon para sa isang trabahong kung saan di kayo nagbayad ng buwis ng Social Security—halimbawa, mula sa federal Civil Service Retirement System o pang-estado o lokal na sistema ng pensyon —maaaring kailangang kalkulahan muli ang inyong mga benepisyo sa Social Security, at maaaring mabawasan ito. Sabihin din sa amin kung ang halaga ng inyong pensyon ay nagbago.

Kung kayo’y mag-aasawa o magdidiborsyo

Kung kayo ay mag-asawa o magdiborsyo, ang inyong mga benepisyo sa Social Security ay maaaring maapektohan, depende sa uri ng mga benepisyo na natatanggap ninyo.

Kung ang inyong mga benepisyo ay itinigil dahil sa kasal o muling pagpapakasal, maaari itong simulan muli kung wawakasan na ang kasal. Ang tsart sa ibaba ay may mga halimbawa.

Kung kukuha kayo ng:	Samakatuwid:
Inyong sariling retirement benefits	Magpapatuloy ang inyong mga benepisyo
Mga benepisyo ng asawa	Ang inyong mga benepisyo ay magpapatuloy kung kayo ay magdiborsyo at kayo ay 62 taong gulang o mas matanda maliban kung kayo ay kasal nang wala pang 10 taon.
Mga benepisyo ng biyuda o biyudo	Ang inyong mga benepisyo ay magpapatuloy kung kayo ay nag-asawa muli kapag kayo ay 60 taong gulang o mas matanda.
Anumang ibang uri ng mga benepisyo	Sa pangkalahatan, ang inyong mga benepisyo ay titigil kapag kayo ay mag-aasawa. Ang inyong mga benepisyo ay maaaring simulan muli kung winakasan na ang kasal.

Kung babaguhin ninyo ang inyong pangalan

Kung babaguhin ninyo ang inyong pangalan—sa pamamagitan ng pag-aasawa, diborsyo o utos ng korte—dapat ninyo itong sabihin sa amin kaagad. Kung hindi ninyo ibinigay sa amin ang impormasyon na ito, ang inyong mga benepisyo ay ibibigay sa ilalim ng inyong lumang pangalan at, kung mayroon kayong direktang deposito, ang mga bayad ay maaaring hindi makarating sa inyong account.

Kung tatanggap kayo ng mga benepisyo dahil nag-aalaga kayong bata

Kung tatanggap kayo ng mga benepisyo dahil may inaalagaan kayong bata na wala pang 16 taong gulang o na may kapansanan, dapat ninyong sabihin kaagad sa amin kung ang bata ay hindi na ninyo inaalagaan o kung nagbago ang kanyang address. Ibigay sa amin ang pangalan at address ng kung saan nakikitira ang bata.

Maaaring hindi maapektohan ng isang pansamantalang paghihiwalay ang inyong mga benepisyo kung patuloy kayong nagpapalaki ng isang bata, pero ang inyong mga benepisyo ay titigil kung wala na kayong pananagutan sa bata. Kung ang bata ay bumalik sa inyong pangangalaga, maaari naming simulang muli ang pagpapadala sa inyo ng mga benepisyo.

Ang inyong mga benepisyo ay hihinto kung ang pinakabatang walang asawang bata sa inyong pangangalaga ay umabot ng 16 taong gulang, maliban kung ang bata ay may kapansanan. Ang mga benepisyo ng inyong anak ay maaaring magpatuloy tulad ng pinapaliwanag sa pahina 18-20.

Kung may taong aampon ng isang batang tumatanggap ng mga benepisyo

Kapag ang isang batang tumatanggap ng mga benepisyo ay inampon, sabihin sa amin ang bagong pangalan ng bata, ang petsa ng adoption decree, at ang pangalan at address ng nag-aampon na magulang. Hindi magtatapos ang mga benepisyo dahil sa pag-ampon.

Kung kayo'y maging isang magulang pagkatapos ninyong magsimulang tumanggap ng benepisyo

Kung kayo ay maging magulang ng isang bata (kabilang ang isang ampon na bata) pagkatapos kayong magsimulang tumanggap ng mga benepisyo, ipaalamsa amin upang makapagpasiya kami kung ang bata ay kwalipikado para sa mga benepisyo.

Kung kayo ay may outstanding warrant of arrest

Dapat ninyong sabihin sa amin kung kayo ay mayroong outstanding warrant of arrest sa alinman sa mga sumusunod na mga mabibigat na krimen:

- Pagtatago upang umiwas sa prosekusyon at pagkakulong;
- Pagtakas mula sa kostudiya; at
- Pagtatago at pagtakas (flight-escape).

Hindi kayo maaaring tumanggap ng regular na mga benepisyo para sa pagreretiro, pagkabalo/pagkaulila, o kapansanan, o anumang mga kakulangan ng bayad na nakatakdang bayaran sa inyo sa alinmang buwan kung saan mayroong isang outstanding warrant of arrest para sa mabibigat na krimen na ito .

Kung kayo ay nahatulan sa isang krimen

Kung kayo ay tumatanggap ng mga benepisyo sa Social Security at kayo ay nahatulan sa isang krimen, dapat ipaalam kaagad sa Social Security. Ang mga benepisyo ay karaniwang hindi binabayaran para sa mga buwan na ang isang tao ay nakakulong, ngunit ang sinumang ibang mga miyembro ng pamilyang kwalipikado ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo.

Kung kayo ay may nagawang krimen at ikukulongsa isang institusyon

Ang mga benepisyo ay karaniwang hindi binabayad sa mga taong may nagawang krimen at ipinasok sa isang institusyon alinsunod sa utos ng hukuman at sa gastos ng publiko. Ito’y umaaplay kung ang tao ay natuklasang:

- Maysala, ngunit baliw; o kaya
- Hindi guilty sa kadahilanan ng pagiging baliw o kasintulad na dahilan (gaya ng sakit sa pag-iisip, diprensiya sa ulo o kakulangan sa kaisipan)
- Walang kakayahang dumanas ng isang paglilitis
- Mapanganib sekswal

Kung nilabag ninyo ang kondisyon ng parole o probasyon

Dapat ninyo sabihin sa amin kung nilabag ninyo ang isang kondisyon ng inyong probasyon o parole na ipinataw sa ilalim ng pederal o pang-estadong batas. Hindi kayo makakatanggap ng mga benepisyo sa Social Security para sa anumang buwan kung kailan ninyo nilabag ang isang kondisyon ng inyong probasyon o parole.

Kung aalis kayo sa Estados Unidos

Kung kayo ay mamamayan ng Estados Unidos, maaari kayong maglakbay o tumira sa maraming bansang banyaga na hindi makaaapekto sa inyong mga benepisyo sa Social Security. Subalit, may mga iilang bansa kung saan hindi kami makapapadala ng kabayaran sa Social Security. Ang mga bansang ito ay ang Azerbaijan, Belarus, Cuba, Georgia, Kazakhstan, Kyrgyzstan, Moldova, North Korea, Tajikistan,

Turkmenistan, Ukraine, Uzbekistan at Vietnam. Subalit may mga eksepsyon para sa mga iilang kwalipikadong benepisyaryo sa mga bansa bukod sa Cuba at North Korea. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga eksepsyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Ipaalam sa amin kung binabalak ninyong pumunta sa labas ng Estados Unidos para sa isang paglalakbay na aabot ng 30 araw o higit pa. Sabihin sa amin ang pangalan ng bansa o mga bansang balak ninyong bisitahin at ang petsa kung kailan ninyo balak umalis sa Estados Unidos. Papadalhan naming kayo ng mga espesyal na tagubilin ukol sa pagrereport at sasabihin naming sa inyo kung papaano aregluhin inyong mga benepisyo habang kayo’y malayo. Seguraduhing ipaalam sa amin kapag kayo’y bumalik na sa Estados Unidos.

Kapag kayo’y hindi mamamayan ng U. S. at babalik kayo upang manirahan sa Estados Unidos, dapat kayong magkaloob ng ebidensya hinggil sa inyong estadong di-pagkamamamayan upang manatiling makatatanggap ng mga benepisyo. Kung kayo’s nagtatrabaho sa labas ng Estados Unidos, may mga ibang alituntunin na aaplay upang tukuyin kung makatatanggap kayo ng mga benepisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng *Your Payments While You Are Outside The United States*. (Ang Inyong Kabayaran Habang Kayo’s nasa Labas ng Estados Unidos)(Publikasyon Blg. 05-10137).

Kung magbabago ang katayuan ng inyong pagkamamamayan

Kung kayo ay hindi isang mamamayan, ipaalam sa amin kapag kayo ay naging isang mamamayan ng U. S. o ang inyong katayuan bilang di-mamamayan ay nagbago. Kapag napasong ang inyong katayuan sa imigrasyon, dapat kayong magbigay sa amin ng bagong ebidensiya na nagpapakita na patuloy kayong nasa Estados Unidos nang legal.

Kung mamamatay ang isang benepisyaryo

Ipaalam sa amin kapag namatay ang isang taong tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security. Hindi maaaring bayaran ang mga benepisyo para sa buwan ng kamatayan. Iyan ay nangangahulugan, halimbawa, na kung iyong tao ay namatay nang kahit kailan sa Hulyo, ang tsekeng matatanggap sa Agosto (na siyang bayad para sa Hulyo) ay dapat isauli. Kapag direktang depositoang ginamit, mangyaring ipaalam din sa bangko ang pagkamatay sa pinakamadaling panahon upang maisauli nito ang anumang mga pagbabayad na natanggap pagkatapos ng pagkamatay.

Maaaring karapat-dapat ang mga miyembro ng pamilya sa mga benepisyo ng Social Security para sa naulila kapag ang taong tumatanggap ng mga benepisyo ay namatay.

Kung kayo ay tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security at Railroad Retirement

Kung kayo ay tumatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security at Railroad Retirement batay sa trabaho ng inyong asawa at namatay ang inyong asawa, dapat ninyong ipaalam sa amin kaagad. Kayo ay hindi na magiging karapat-dapat sa pagtanggap nitong dalawang benepisyo. Kayo sa sasabihan kung aling benepisyo para sa naulila ang matatanggap ninyo.

Pagtatrabaho at pagtanggap ng Social Security nang sabay

Paano naapektuhan ng kita ang inyong mga benepisyo

Kayo ay maaaring magpatuloy sa pagtatrabaho at makakuha pa rin ng mga benepisyo ng pagreretiro mula sa Social Security. Ang inyong kita sa (at pagkatapos ng) buwan na narating ninyo ang inyong ganap na edad ng pagreretiro ay hindi makakaapekto sa inyong mga benepisyo sa Social Security. Gayunman, ang inyong mga benepisyo ay babawasan kapag ang inyong kita ay lumampas sa mga takdang limitasyon para sa mga buwan bago ninyo narating ang inyong ganap na edad ng pagreretiro. (Ang ganap na edad ng pagreretiro ay 66 para sa mga taong ipinanganak noong 1943-1954 at dahan-dahang tataas sa 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1960 o mas huli.)

- Kung kayo ay mas bata kaysa ganap na edad ng pagreretiro, babawasan ng \$1 ang mga benepisyo sa bawat \$2 ng inyong kinita na sobra sa taunang limitasyon (\$15,120 sa 2013).
- Sa taong mararating ninyo ang inyong ganap na edad ng pagreretiro, babawasan ng \$1 ang inyong mga benepisyo sa bawat \$3 na inyong kinitang sobra sa ibang limitasyon (\$40,080 in 2013) hanggang sa buwan na marating ninyo ang ganap na edad ng pagreretiro. Pagkatapos ay makukuha na ninyo ang buong mga kabayaran ng inyong benepisyo mula sa Social Security, gaano man kalaki ang inyong kita.

Kung kayo ay mas bata kaysa ganap na edad ng pagreretiro at ang ilan sa inyong mga benepisyo ay hindi ibinigay dahil ang inyong kita ay higit sa \$15,120, may ilang magandang balita. Kapag narating na ninyo ang ganap

na edad ng pagreretiro, dadagdagan ang inyong mga benepisyong upang maisaalang-alang iyong mga buwan kung kailan wala kayong natanggap na benepisyong o binawasan ang mga benepisyong.

Gayundin, ang anumang suweldona inyong kikitain pagkatapos ninyong magpalista sa Social Security ay maaaring magpataas ng inyong pangkalahatang karaniwang kita, at maaaring tumaas ang inyong benepisyong.

Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang *Paano Naaapektohan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisyong* (Publikasyon Blg. 05-10069-TL).

Isang natatanging buwanang patakaran

Paminsan-minsan, ang mga taong nagreretiro sa gitna ng taon ay kumita na ng higit sa taunang limitasyon sa kita. Ito ang dahilan kung bakit may natatanging buwanang patakaran na umaaplay sa mga kita para sa isang taon, karaniwan sa unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng patakarang ito, makukuha ninyong ang buong benepisyong ng Social Security para sa anumang buong buwan na kumita kayo ng mas kaunti sa isang takdang limitasyon, anuman ang inyong taunang kita.

Sa 2013, ang isang taong mas bata kaysa ganap na edad ng pagreretiro (66 taong gulang para sa mga taong ipinanganak noong 1943-1954) ay itinuturing na retirado kung ang buwanang kita ay \$1,260 o mas mababa. Halimbawa, si John Smith ay magreretiro sa edad na 62 sa ika-30 ng Agosto, 2013. Siya ay kikita ng \$45,000 hanggang Agosto. Papasok siya sa isang part-time na trabaho simula sa Setyembre, at kikita ng \$500 bawat buwan. Bagama't ang kanyang kita para sa taon ay lalampas nang malaki sa limitasyon para sa 2013 (\$15,120), tatanggap siya ng bayad mula sa Social Security para sa Setyembre hanggang Disyembre. Ito ay dahil ang kanyang kita sa mga buwan na iyon ay mas mababa kaysa \$1,260, ang natatanging "unang taon ng pagreretiro" na buwanang limitasyon para sa mga taong mas bata kaysa ganap na edad ng pagreretiro. Kung si G. Smith ay kikita nang mas mataas kaysa \$1,260 sa alinman sa mga buwang iyon (Setyembre hanggang Disyembre), hindi siya tatanggap ng benepisyong sa buwang iyon.

Simula 2014, ang mga taunang limitasyon lamang ang aaplay sa kanya dahil siya ay lampa na ng kanyang unang taon ng pagreretiro at nagamit na niya ang natatanging buwanang patakaran noong taong iyon.

Kung kayo ay may sariling negosyo, ang buwanang limitasyon ay batay sa kung marami kayong serbisyong ginagampanan sa inyong negosyo. Sa pangkalahatan, kung kayo ay nagtatrabaho nang higit sa 45 oras bawat buwan sa sariling negosyo, hindi kayo makakakuha ng mga benepisyo para sa buwan na iyon.

Kung nagtrabaho kayo para sumuweldo

Ang suweldo ay binibilang sa limitasyon ng kita kapag sila’y kinita, hindi kapag sila’y binayaran. Kung mayroon kayong kita na kinita sa isang taon, nguni’t ang bayad ay ipinagpaliban sa susunod na taon, ang kitang ito ay hindi bibilangin para sa taon kung kailan ninyo sila natanggap. Kabilang sa ilang halimbawa ng ipinagpalibang kita ang naipong bayad sa pagkasakit o bakasyon, mga bonus, stock option at iba pang ipinagpapalibang pasahod. Kung kayo ay binayaran ng suweldosa isang taon para sa trabaho na ginawa ninyo sa mga nakaraang taon, dapat ninyo kaming kontakin.

Nakipag-ayos kami sa Internal Revenue Service upang maiulat ng mga maypatrabaho ang ilang mga uri ng ipinagpapalibang pasahod sa W-2 na pormularyo mismo. Ang mga halagang ito ay ipinapakita sa isang kahon na may nakasulat na “Nonqualified plans.” Ibabawas namin ang halagang ipinapakita sa kahon mula sa inyong kabuuang kita upang malaman kung aling kita ang isasama namin para sa taong iyon.

Kung kayo ay may sariling negosyo

Kung kayo ay may sariling negosyo, binibilang ang kita kapag ito ay natanggap ninyo-- hindi kapag ito’y kinita ninyo-- maliban kung ito ay binayaran sa isang taon matapos kayo maging karapat-dapat sa Social Security at kinita bago kayo naging karapat-dapat sa Social Security. Halimbawa, kung nagsimula kayong tumanggap ng Social Security sa Hunyo 2012 at nakatanggap kayo ng kaunting pera sa Pebrero 2013 para sa trabahong ginawa ninyo bago ang Hunyo 2012, ito’y hindi isasama sa inyong limitasyon sa kita para sa 2013. Gayun pa man, kung ang perang tatanggapin ninyo sa Pebrero 2013 ay para sa trabahong ginawa ninyo pagkatapos ng Hunyo 2012, ito ay bibilangin sa inyong limitasyon sa kita para sa 2013.

Ang pag-uulat ng inyong kita

Dahil ang inyong kita ay maaaring makaapekto sa inyong mga benepisyo sa Social Security, kailangan naming malaman kung magkano ang kinikita ninyo sa taon. Karaniwan naming kinukuha ang impormasyong mula sa:

- Ang kitang iniuulat ng inyong maypatrabaho sa inyong W-2; at
- Inyong kita sa sariling negosyo na iniulat sa inyong ulat sa buwis sa kita.
- Dapat ninyong iulat sa amin ang inyong kita sa katapusan ng taon kapag lamang:
 - Kayo ay karapat-dapat sa natatanging buwanang patakaran (tingnan sa pahina 15) at kayo ay kumita ng mas mababa kaysa ang buwanang limitasyon (kung ganoon, ipaalam sa amin upang mabayaran namin kayo ng mga benepisyo para sa buwang iyon);
 - Ilan o lahat ng kita na ipinapakita sa inyong W-2 ay hindi kinita sa taong iniulat;
 - Lumampas sa limitasyon ang inyong suweldo at nagkaroon din kayo ng netong pagkalugi sa sariling negosyo;
 - Ipinapakita ng inyong W-2 ang suweldo na iniulat ng maypatrabaho na isasama ninyo sa isang ulat ng buwis para sa may sariling negosyo (halimbawa, mga ministro);
 - Naghain kayo ng ulat ng buwis para sa may sariling negosyo, nguni't hindi kayo gumanap ng anumang serbisyo sa inyong negosyo o kayo ay naghahain ng inyong ulat ng buwis batay sa piskal na taon;
 - Kayo ay isang magsasaka at tumatanggap kayo ng mga bayad mula sa pederal na programang pang-agrikultura o mayroon kayong kita mula sa carryover crops; o kaya
 - Ipinagpaliban namin ang ilang mga benepisyo, nguni't wala kayong kita para sa taon o ang inyong kita ay mas mababa kaysa inyong ipinaalam sa amin.

Kung kailangan naming isaayos ang halaga ng inyong mga benepisyo, batay sa inyong ulat, sasabihan namin kayo. Mahalaga na repasuhin ninyo ang impormasyon. Sa bandang kalagitnaan ng taon, maaaring susulat kami upang hilingin kayo na tantiyahin ang inyong kita sa kasalukuyan at sa susunod na taon. Ang inyong mga tantiya ay tutulong sa aming pag-iwas ng pagbayad sa inyo nang masyadong sobra o masyadong kaunting mga benepisyo.

***PAUNAWA:** Kung kayo ay tumatanggap din ng mga kabayaran mula sa Supplemental Security Income (SSI) bukod sa inyong mga benepisyo sa Social Security, dapat ninyong iulat ang lahat ng inyong kita sa Social Security.*

Ang tantiya ng inyong kita at ang inyong mga benepisyo

Iniakma namin ang inyong mga benepisyo sa taong ito batay sa kita na sinabi ninyong inaasahan ninyong matanggap sa taong ito.

Kung nakakukuha ng mga benepisyo ang ibang mga miyembro ng pamilya batay sa inyong trabaho, maaaring maapektuhan ng inyong kita ang kabuuang benepisyo ng pamilya. Nguni't kung nakakukuha kayo ng mga benepisyo bilang isang miyembro ng pamilya, ang inyong mga benepisyo lamang ang maapektuhan ng inyong kita.

Ang pagbabago ng inyong tantiya

Kapag kayo ay nagtrabaho, dapat ninyong ipunin ang inyong mga pay stub. Kahit kailan sa taon, kung napansin ninyo na ang inyong kita ay maiiba sa tinantiya ninyo, dapat ninyo kaming tawagan upang baguhin ang tinantiya. Matutulungan kami nitong panatilihin tama ang inyong mga benepisyo sa Social Security.

Iba pang mahalagang impormasyon

Mga benepisyo sa pagreretiro para sa mga biyuda o biyudo

Maaari kayong lumipat sa mga benepisyo sa pagreretiro batay sa inyong sariling trabaho kung ang mga ito ay mas mataas kaysa natatanggap ninyo bilang resulta ng trabaho ng inyong asawang namatay. Maaaring mas mataas ang mga benepisyong ito mula pa sa edad na 62 o maaaring hanggang sa edad na 70. Masalimuot at paibaiba ang mga patakaran depende sa inyong sitwasyon. Kung kayo ay hindi pa nakakapag-ugnay sa isang kinatawan ng Social Security tungkol sa mga benepisyo ng pagreretiro (o kung may pagbabago sa inyong katayuan), kontakin ang tanggapan ng Social Security sa inyong lugar upang pag-usapan ang inyong mga opsyon.

Mga benepisyo para sa mga bata

Kung ang isang bata ay tumatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, may mahalagang bagay na dapat ninyo malaman tungkol sa kanyang mga benepisyo:

- **Kapag ang isang bata ay umabot sa edad na 18**
 - Ang mga benepisyo ng isang bata ay hihinto sa buwan bago umabot ng 18 taong gulang ang bata, maliban kung ang bata ay may kapansanan o isa siyang full-time na mag-aaral sa mababa o mataas na paaralan.
 - Mga limang buwan bago ng ika-18 kaarawan ng bata, ang taong tumatanggap ng mga benepisyo para sa bata ay makatatanggap ng isang pormularyo na magpapaliwanag kung paano maaaring magpatuloy ang mga benepisyo.

— Maaaring mapasimulan muli ng isang bata na kung kaninong mga benepisyo ay tumigil sa edad na 18 kapag siya’y nagkaroon ng kapansanan bago dumating ng 22 taong gulang o naging isang full-time na mag-aaral sa mababa o mataas na paaralan bago umabot ng 19 taong gulang.

- **Kung ang isang bata ay may kapansanan**

— Maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo ang isang bata matapos ito umabot ng 18 taong gulang kung siya ay may kapansanan. Ang bata ay maaari ring maging kwalipikado para sa mga bayad ng SSI para sa kapansanan. Tawagan kami para sa karagdagang impormasyon.

- **Kung ang isang batang 18 taong gulang ay isang mag-aaral**

— Ang isang bata ay makatatanggap ng mga benepisyo hanggang 19 taong gulang kung siya’y magpatuloy bilang isang full-time na mag-aaral sa mababa o mataas na paaralan. Kapag ang ika-19 na kaarawan ng inyong anak ay nangyari sa kalagitnaan ng school term, ang mga benepisyo ay maaaring ipagpatuloy hanggang sa katapusan ng term, o nang dalawang buwan matapos ang ika-19 na kaarawan, alinman ang mauuna.

— Dapat mapagsabihan kaagad ang Social Security kung ang mag-aaral ay titigil sa pagpasok sa paaralan, magbabago mula full-time tungo sa part-time na pagpasok, paaalisino isususpindi, o lilipat ng paaralan. Dapat din kaming sabihan kung ang mag-aaral ay binabayaran ng kanyang pinagtatrabahuhan para pumasok sa paaralan.

— Nagpapadala kami ng pormularyo sa bawat mag-aaral sa simula at katapusan ng taong pampaaralan. Mahalagang kumpletuhin ang pormularyo at isauli ito sa amin. Ang mga benepisyo ay maaaring itigil kung hindi namin matatanggap ang pormularyo.

— Ang isang mag-aaral ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo para sa panahon ng bakasyon na nagtatagal ng apat na buwan o mas kaunti kung may plano siyang bumalik sa paaralan nang full time sa katapusan ng bakasyon.

— Ang isang mag-aaral na titigil sa pagpasok sa paaralan ay karaniwang makatatanggap muli ng mga benepisyo kung siya’y babalik sa paaralan nang full time bago umabot ng 19 taong gulang. Dapat makipag-ugnay sa amin ang mag-aaral upang mag-aplay muli para sa mga benepisyo.

- **Paano naapektuhan ng diborsyo ang mga benepisyo ng anak sa unang asawa**
 - Kung ang isang anak sa unang asawa ay tumatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho at kayo at ang magulang ng bata ay nagdiborsyo, ang benepisyo ng anak sa unang asawa ay magtatapos sa buwangmatapos maging tiyak ang diborsyo. Dapat ninyong sabihin sa amin kaagad kapag tiyak na ang diborsyo.

Supplemental Nutrition Assistance Program (mga selyo para sa pakain)

Maaari kayong makakuha ng tulong sa pamamagitan ng Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), na dati ay kilala bilang food stamps (mga selyo para sa pakain). Bumisita sa www.fns.usda.gov/snap upang malaman kung paano mag-aplay. Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng *Nutrition Assistance Programs* (Publikasyon Blg. 05-10100) o *Mga Katotohanan Tungkol sa (SNAP)* (Publikasyon Blg. 05-10101-TL).

Makakuha ka ba ng SSI?

Kung kaunti lamang ang inyong kita at pagkukunan, maaaring makatulong ang SSI. Ang SSI ay isang pederal na programa na pinamamahalaan namin. Ito ay tinutustusan ng mga pangkalahatang kita, hindi mula sa mga buwis sa Social Security.

Ang SSI ay nagbabayad ng buwanang tseke sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda, o bulag o may kapansanan. Kung tumatanggap kayo ng SSI, maaari kayong makakuha ng iba pang mga benepisyo, tulad ng Medicaid, SNAP, at iba pang social services.

Hindi namin isinasama ang ilang kita at ilang mga mapagkukunan kapag nagpapasiya kami kung kayo ay karapat-dapat para sa SSI. Ang inyong bahay at inyong sasakyan, halimbawa, ay karaniwang hindi tinuturing na mga mapagkukunan. Tawagan kami para sa karagdagang impormasyon o upang mag-aplay para sa SSI.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa namin

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa halaga ng inyong bayad o impormasyon na ipinapadala namin sa inyo, makipag-ugnay sa amin.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon na ginawa namin, mayroon kayong karapatang hilinging magdesisyon muli dito. Ang inyong kahilingan ay dapat nakasulat at dapat ipadala sa alinmang tanggapan ng Social Security sa loob ng 60 araw ng petsa ngpagkatanggap ninyo ng sulat kung saan kayo may tanong.

Kung hindi pa rin kayo nasisiyahan, mayroon pang ibang mga hakbang na magagawa. Hilingin ang *Ang Inyong Karapatang Magtanong Tungkol sa Desisyon na Ginawa sa Inyong Claim* (Publikasyon Blg. 05-10058-TL).

Ang inyong karapatan na katawanin

Maaari ninyong pangasiwaan ang inyong sariling apela kasama ang libreng tulong mula sa Social Security o maaari kayong pumili na magkaroon ng isang kinatawan na siyang tutulong sa inyo. Maaari namin kayong bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na maaaring makatulong sa inyo na makahanap ng isang kinatawan.

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa pagpipili ng isang kinatawan, humingi ng *Ang Inyong Karapatan na Katawanin* (Publikasyon Blg. 05-10075-TL).

Proteksyon ng inyong personal na impormasyon

Dapat ninyong itago ang inyong kard ng Social Security sa isang ligtas na lugar kasama ng inyong ibang mahahalagang dokumento. Huwag itong dalhin maliban kung kailangan ninyo itong ipakita sa isang maypatrabaho o tagapagbigay ng serbisyo.

Itinatago ng Social Security ang personal at lihim na impormasyon—mga pangalan, mga numero ng Social Security, mga talaan ng kita, mga edad at mga tirahan ng benepisyaryo—para sa milyun-milyong mga tao. Sa pangkalahatan, tatalakayin lamang namin ang inyong impormasyon sa inyo. Kapag tumawag o bumisita kayo sa amin, marami kaming itatanong sa inyo upang tulongan kaming tiyakin ang inyong pagkakakilanlan. Kung nais ninyong magpatulong sa iba sa pakikipag-usap sa Social Security, kailangan namin ang inyong pahintulot na makipag-usap sa taong iyon tungkol sa inyong impormasyon.

Hinihikayat namin kayong pag-ingatan ang inyong numero ng Social Security at protektahan ang pagiging lihim nito tuwing maaari.

Dedikado kaming pangalagaan ang pagkalihim ng inyong mga talaan. Kapag kami ay inatasan ng batas na magbigay ng impormasyon sa ibang mga ahensiya ng gobyerno na namamahala sa mga programa ng kalusugan at kawanggawa, tulad ng Medicaid at SNAP, ang mga ahensiyang iyon ay hindi pinahihintulutang ibahagi ang impormasyong iyon sa sinumang iba.

Tungkol sa Medicare

Ang Medicare ay isang plano ng segurong pangkalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda. Ang mga taong may kapansanan o may permanenteng sakit sa bato o may amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease) ay makakukuha ng Medicare sa anumang edad.

Ang Medicare ay may apat na bahagi

- Ang seguro sa pagpapaospital (Bahaging A) ay tumutulong sa pagbayad ng pangangalaga sa ospital at mga tiyak na susunod na serbisyo.
- Ang seguro sa pagpapagamot (Bahaging B) ay tumutulong sa pagbayad ng mga serbisyo ng doktor, outpatient na pangangalaga sa ospital, at iba pang mga medikal na serbisyo.
- Ang mga planong Medicare Advantage (Bahaging C) ay makukuha sa maraming lugar. Maaaring piliin ng mga taong may Medicare Bahaging A at B na matanggap ang lahat ng kanilang mga serbisyo sa pangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng isang tagapagbigay na organisasyon sa ilalim ng Bahaging C.
- Ang saklaw para sa kontroladong gamot (Bahaging D) ay tumutulong sa pagbayad ng mga gamot na inirereseta ng mga doktor para sa pagpapagamot.

Sino ang karapat-dapat sa seguro para sa pagpapaospital (Bahaging A)?

Ang karamihan ng mga tao ay nakakukuha ng seguro para sa pagpapaospital kapag sila'y umabot ng 65 taong gulang. Awtomatiko kayong kwalipikado para dito kung kayo ay karapat-dapat para sa mga benepisyo ng Social Security o Railroad Retirement. O kaya'y maaaring kwalipikado kayo batay sa trabaho ng asawa (kabilang ang trabaho ng diborsyadong asawa). Ang iba ay kwalipikado dahil sila'y mga empleyado ng gobyerno na hindi sakop ng Social Security na nagbayad ng buwis ng Medicare.

Kung tatanggap kayo ng mga benepisyo para sa kapansanan ng Social Security nang 24 buwan, maginging kwalipikado kayo para sa seguro para sa pagpapaospital.

Kung nakakukuha kayo ng mga benepisyong pangkapansanan dahil kayo ay may amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), hindi kayo kailangang maghintay ng 24 buwan upang maging kwalipikado.

Gayundin, ang mga taong may permanenteng sakit sa bato na nangangailangan ng maintenance dialysis o kapalit na bato ay kwalipikado para sa seguro para sa pagpapaospital kung sapat ang tagal ng kanilang pagtatrabaho o kung sila'y asawa o anak ng isang taong sapat na ang tagal ng pagtatrabaho.

Sino ang maaaring kumuha ng seguro para sa pagpapagamot (Bahaging B)?

Halos sinuman nakarapat-dapat para sa seguro para sa pagpapaospital ay maaaring sumali sa seguro para sa pagpapagamot. Ang Bahaging B ay isang opsyonal na programa. Hindi ito libre. Sa 2013, ang karaniwang hulog bawat buwan ay \$104. 90. Ang ilang mga taong may mas mataas na kita ay magbabayad ng mas mataas na hulog.

Sino ang maaaring kumuha ng mga planong Medicare Advantage (Bahaging C)?

Ang sinumang may seguro sa pagpapaospital (Bahaging A) at seguro sa pagpapagamot (Bahaging B) ay maaaring sumali sa planong Medicare Advantage. Kabilang samga planong Medicare Advantage ang:

- Mga plano ng Medicare para sa pinangangasiwang pangangalaga;
- Mga plano ng Medicare para sa pagtatanging mga samahan ng mga tagapagbigay;
- Mga plano ng Medicare para sa pribadong fee-for-service; at
- Mga plano ng Medicare na natatangi.

Maaaring kailangan kayong magbayad ng buwanang hulog dahil sa mga karagdagang benepisyo na inaalok ng plano ng Medicare Advantage.

Sino ang maaaring kumuha ng saklaw para sa kontroladong gamot (Bahaging D)?

Ang sinumang may seguro sa pagpapaospital ng Medicare (Bahaging A) o seguro sa pagpapagamot (Bahaging B) o may planong Medicare Advantage (Bahaging C) ay karapat-dapat para sa saklaw para sa kontroladong gamot (Bahaging D). Ang seguro sa kontroladong gamot ay opsyonal, at magbabayad kayo ng karagdagang buwanang hulog para masaklaw. Ang ilang mga taong may mas mataas na kita ay magbabayad ng mas mataas na hulog.

Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang *Medicare* (Publikasyon Blg. 05-10043-TL).

Tulong sa mga gastos sa Medicare para sa mga taong mababa ang kita

Kung kayo ay may mababang kita at kaunti ang mapagkukunan, maaaring ang inyong estado ang magbabayad ng inyong mga hulog sa Medicare at, sa ilang mga kaso, ang ibang mga “mula-sa-bulsang” gastusing medikal, tulad ng mga deductible at coinsurance.

Ang inyong estado lamang ang makakapagpasiya kung kayo ay kwalipikado para sa tulong sa ilalim ng programang ito. Kung sa palagay ninyong kayo ay kwalipikado, makipag-ugnay sa inyong estado o sa lokal na ahensiya para sa tulong-medikal (Medicaid), o tanggapan ng mga serbisyong panlipunan o pangkawanggawa.

“Extra Help” para sa gastos sa resetadang gamot sa Medicare

Kung kayo ay may limitadong kita at mapagkukunan, maaari kayong maging kwalipikado para sa Extra Help para bayaran ang inyong mga resetadang gamot sa ilalim ng Medicare Bahaging D. Ang papel ng Social Security ay para tulungan kayong maintindihan kung paano kayo maaaring maging kwalipikado at mapalakad ang inyong aplikasyon para sa Extra Help. Upang malaman kung kayo ay kwalipikado o para mag-aplay, tawagan ang libreng numero ng Social Security o bumisita sa aming website.

www.socialsecurity.gov



Social Security Administration
SSA Publikasyon Blg. 05-10077-TL
What You Need To Know When You Get
Retirement Or Survivors Benefits (Tagalog)
March 2013